



Australian Government

Department of Home Affairs

Pagpasok at pag-alis sa Australia

Pinakabagong Update

Mula noong Hulyo 6, 2022, nagbago ang iyong paraan ng pagbibiyaha papunta at paalis sa Australia. Dapat malaman ng lahat ng biyahero na:

- **Hindi** kailangan ng mga taong pumapasok sa Australia na magbigay ng katibayan ng katayuan sa pagpapabakuna
- **Hindi** kailangan ng mga taong pumapasok sa Australia na kumpletuhin ang Digital Passenger Declaration o Maritime Travel Declaration
- **Hindi** hihilingin sa mga taong umaalis sa Australia na magbigay ng katibayan ng kanilang katayuan sa pagpapabakuna
- **Hindi** kailangan ng mga may visa ang pahintulot sa pagbibiyaha para makabiyaha papunta sa Australia
- Kailangan pa ring magsuot ng mga mask sa mga flight papunta sa Australia.

Mahalagang tandaan na maaaring may mga partikular na kahilingan ang mga airline, operator ng barko, at iba pang bansa na kailangang sundin ng mga biyahero.

Pagpasok at pag-alis sa Australia

Nagbibigay ang Department of Home Affairs at ang Australian Border Force ng payo para sa mga taong naghahangad na pumasok o umalis sa Australia.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:

- [Pagpasok sa Australia](#)
- [Bago at pagkatapos mong umalis sa Australia](#)
- [Pagtawid sa border](#)
- [Mga dokumento sa pagbibiyaha.](#)

Dapat tiyakin ng mga taong nangangailangan ng visa na naipagkaloob ang kanilang visa bago bumiyaha papuntang Australia. Para malaman ang mga kinakailangan sa visa ng Australia, tingnan ang: [Suriin ang mga opsyon sa visa](#)

Nagbibigay ang Australian Border Force ng karagdagang payo para sa mga taong [pumapasok o umaalis sa Australia na sakay ng barko](#).

Hinihikayat ang mga mamamayan ng Australia na nagpaplanong bumiyaha sa ibang bansa na alamin ang kasalukuyang payo sa pagbibiyaha sa pamamagitan ng pagbisita sa [Smartraveller](#).

Nagbibigay ang Department of Health ng payo sa kalusugan na may kinalaman sa [internasyonal na pagbbiyahe at COVID-19](#).

Impormasyon sa estado at teritoryo

May kani-kaniyang kinakailangan ang bawat estado at teritoryo ng Australia na kailagangang tugunan. Kung nagpaplano kang bumiyaha papuntang Australia, dapat mong alamin ang mga kinakailangan ng estado o teritoryo kung saan ka pupunta. Puwedeng kasama sa mga kinakailangan ang pagpapasuri ng COVID-19 pagdating mo sa Australia o mga kinakailangan sa pagpapababakuna para makapunta sa ilang partikular na lugar o magawa ang ilang partikular na trabaho.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [impormasyon ng estado at teritoryo](#).

Programang pagbabakuna ng Australia

Puwedeng makakuha ng libreng bakuna laban sa COVID-19 ang lahat ng nasa Australia. Hinihikayat ang mga internasyonal na biyaherong darating sa Australia na i-access ang programang pagbabakuna laban sa COVID-19 ng Australia.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [mga bakuna laban sa COVID-19](#).

Mga pahintulot at refund ng visa

Dahil sa mga epekto ng pandemyang COVID-19, isinagawa ang ilang pagbabago sa mga kategorya ng visa, kasama na ang paglulunsad ng mga panahon ng pahintulot, waiver ng bayad, at refund ng visa.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [impormasyon sa visa kaugnay ng COVID-19](#).